**PAPEL PANG-IMPORMASYON** 2026

# Proyekto sa Aurora Ave

## PINAGMULAN NG PROYEKTO

Ang Aurora Ave N (State Route 99) ay isa sa mga pinaka-abalang kalye sa Seattle, na nag-uugnay sa mga tao sa kanilang mga tahanan, negosyo, mga serbisyo, at mga trabaho. Ang koridor na ito ang nagsisilbi sa rutang may pinakamataas na bilang ng pasahero pang-bus sa rehiyon, ang RapidRide E Line, at mahalaga ito para sa paglilipat ng kargamento. Isa rin itong pangunahing prayoridad sa kaligtasan para sa SDOT dahil mayroon itong mataas na antas ng malulubhang pinsala at nakamamatay na mga aksidente, lalo na para sa mga taong naglalakad. Ang Proyekto ng Aurora Ave ng SDOT ay nagsasagawa ng mga pagpapabuti para sa mas ligtas na kalsada ngayon, habang nagdidisenyo ng bagong pangmatagalang pananaw para sa hinaharap ng Aurora Ave N. Ang mga pagbabagong ito ay naglalayong mapabuti ang kaligtasan at gawing mas madali para sa lahat ng manlalakbay ang makapunta sa kanilang patutunguhan.

## ANG PAG-AARAL SA PAGPAPLANO NG KORIDOR NG PROYEKTO SA AURORA AVE


Inilunsad namin ang isang Pag-aaral sa Pagpaplano ng Koridor noong 2022 kasama ang aming mga kasosyong ahensya. Ang aming layunin ay lumikha ng isang bagong bisyon sa disenyo na pinangungunahan ng komunidad para sa Aurora Ave N. Ang yugto ng pagpaplano ay inaasahang magtatagal hanggang 2028. Ang planong ito ang gagabay sa mga pamumuhunan sa hinaharap ng koridor.

Ang mga layunin ng pag-aaral sa pagpaplano ng koridor ay:

- **Bumuo ng bagong bisyon sa disenyo** para sa Aurora Ave N na nakatuon sa kaligtasan, paggalaw, at pagiging akseso para sa lahat
- **Bigyan-konsiderasyon ang magkakaibang pangangailangan ng mga tao** sa kahabaan ng Aurora Ave N gamit ang isang patas na proseso ng pakikipag-ugnayan
- **Tugunan ang mga hamon sa transportasyon at kaligtasan sa kahabaan ng koridor**
- **Tukuyin ang mga potensyal na pagpapabuti sa serbisyo ng transit at mga koneksyon**
- Magtatag ng estratehiya upang bumuo ng mga pagpapabuti sa koridor **habang maaaring makakuha ng mga mapagkukunan**

Sa pagtatapos ng 2028, inaasahan naming:

- Pinuhin ang mga sina-unang mga ideya ng komunidad na ibinahagi namin noong 2024
- Pumili ng opsyon na maisusulong sa pagdisenyo, pagsusuri ng kapaligiran, at pagpapatupad




*Ang Proyekto sa Aurora Ave ay umaabot mula sa Roy St hanggang N 145th St. Ang mapa ay nahahati sa dalawang seksyon – hilaga ng Green Lake at timog ng Green Lake – dahil ang lapad ng kalye ay kumikipot sa hilaga ng Greenlake.*



*Ang mga miyembro ng komunidad ay nagbabahagi ng mga maibabalik na komento sa mga konsepto ng disenyo para sa Aurora Ave N noong 2024*

## PAANO KAMI MAKIKIPAG-UGNAYAN SA INYO

Nais namin na marinig kayo! Maraming paraan para kayo at ang inyong mga kapitbahay ay makapagbahagi ng komento at manatiling kasali sa proyektong ito:

- **Ipadala sa amin ang inyong mga saloobin.** Maaari ninyo kaming maabot sa **aurorastudy@seattle.gov** o sa **(206) 905-3620**
- **Dumalo sa isang biglaang kaganapan, pag-papaliwanag, o kaganapan sa komunidad kasama kami.** Ang pangkat ng proyekto ay nasa lugar upang makapagbahagi ng impormasyon sa mga kaganapan at kasama ang mga grupo ng komunidad. **Magpa-lista sa website ng proyekto para sa aming mga email tungkol sa proyekto upang manatiling ma-balitaan ang aming mga kaganapan →**
- **Sa pamamagitan ng aming Grupong Umaabiso sa Komunidad.** Sa susunod na dalawang taon, makikipagtulungan kami sa isang magkakaibang grupo ng mga tao na nakatira, nagtatrabaho, nag-aaral, sumasamba, o naglalaan ng oras malapit sa Aurora Ave N. Magbibigay sila ng tugon sa mga plano sa transportasyon, mga prayoridad, at mga opsyon sa disenyo upang makatulong na gabayan ang mga patas na desisyon sa proyekto.

## ANO ANG MAAARI NINYONG MAAASAHAN

Maaaring napansin na ninyo ang mga panandaliang pagpa-pabuti sa kahabaan ng koridor. Ginagawa namin ang mga pagbabagong ito upang mapabuti ang kaligtasan at paggalaw ngayon para sa mga taong nagmamaneho, sumasakay ng transit, naglalakad, nagbibisikleta, at gumagamit ng mga gumugulong na mga gamit sa Aurora Ave.



*Ang mga trabahador ay naglalagay ng as-palto sa Aurora Ave N at N 137th St upang maghanda para sa mga bagong tawiran at mga signal sa pagtawid*

**I-scan ang QR code upang bisitahin ang webpage ng proyekto sa Aurora Ave N para sa mga kasalukuyan at planadong pagpapabuti, mga pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan, at higit pa:**


**Impormasyon at Pakikipag-ugnayan sa Proyekto**

aurorastudy@seattle.gov
(206) 905-3620
www.seattle.gov/transportation/auroraproject



Seattle Department of Transportation
Seattle Transportation Levy
Funded by Washington's Climate Commitment Act
King County Metro
Seattle Public Utilities